ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

Taon 3 • Blg. 21 Oktubre 1-7, 2018 • P10.00

# 347TH FOUNDING ANNIVERSARY NG BACOOR, DINALUHAN NI MAYOR SARA DUTERTE

pahina 2




## PIA, SSS BRING SULIT NA SULIT CAMPAIGN TO LAGUNA

pahina 11

## DAAN-DAANG RESIDENTE, INAATAKE NG TB

pahina 4

## NANDAYA SA PRESYO, VENDOR KALABOSO

p.12

## DOLE BRINGS THE "BEST" TO CAVITE PESO

p. 5

## Efren "Bata" Reyes pinangunahan ang Philippine Team sa Taiwan Pool Classic

p.6

## SSS BACOOR BRANCH ONE OF FIRST 20 BRANCHES TO OFFER PENSION LOAN PROGRAM

pahina 9

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# 347TH FOUNDING ANNIVERSARY NG BACOOR, DINALUHAN NI MAYOR SARA DUTERTE

(Story/photos: Romy Santos)

**DUMALO si Davao City Mayor Sara Duterte sa 347th Founding Anniversary ng Bacoor nitong Setyembre 28.**

Ang presidential daughter ay malugod na sinalubong ng mga lokal na opisyal ng Bacoor City, Cavite sa pangunguna nina Mayor Lani Mercado Revilla, Vice Mayor Karen Sarino Evaristo, 2nd District Congressman Strike Revilla, at mga kasapi ng Sangguniang Panglungsod.

Taus-puso ang pasasalamat ni Mayor Revilla sa pagpapaunlak ni Mayor Duterte na masaksihan ang naturang okasyon, na kilala rin bilang Bakood Festival.

Sa talumpati naman ni Mayor Duterte, binanggit nito na hindi nito pinagtutuunan ng pansin ang isyung pagtakbo sa pagkasenador.

Aniya, ang kanilang lungsod ay nakahandang umagapay at tumulong sa lahat ng bayan o siyudad sa bansa.

Nagpasalamat din ang anak ng Pangulo sa mamamayan ng Bacoor dahil sa ipinapakitang suporta sa mga programa ng kanyang ama.

Gayundin ay hinihimok ng Ina ng Davao City ang mga Bacooreno na bumisita sa kanilang lungsod.

Kasama ang Bacoor LGU official ay sinaksihan din ni Mayor Duterte ang Drum and Lyre Civic Parade ng lungsod.

Kasunod nito ay naging bahagi rin si Mayor Duterte sa inauguration at blessing ng newly reconstructed Bacoor Hall of Justice.

Isang gift giving activity naman ang isinagawa ni Mayor Duterte sa Bacoor Strike Gymnasium na tinatayang libong katao ang nabenepisyuhan.

Nabatid na ito ang kauna-unahang pagbisita ni Mayor Duterte sa Bacoor City.















# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## “May problema ba sa pera ang Cignal ni MVP?”

**INSPIRASYON SA BUHAY:** “… Sinabi ng Diyos, `Ako'y si Ako Nga'. Sabihin mo sa mga Israelita na sinugo ka ng Diyos na ang pangalan ay ‘Ako Nga’. Sabihin mo sa kanila na sinugo ka ni Yahweh, ng Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob. At ito ang pangalang itatawag nila sa akin magpakailanman…” (Exodo 3:14-15, Bibliya).

-ooo-

**“MAY PROBLEMA BA SA PERA ANG CIGNAL NI MANNY V. PANGILINAN (MVP) ?”:** Naririto po ang isang Facebook post ng aking nakababatang kapatid, si Atty. Leny Mauricio ukol sa kanyang sigalot sa Cignal TV na pag-aari ng kompanyang pinamumunuan ni G. Manuel V. Pangilinan: “May problema ba sa pera ang mga kumpanya ni Manny Pangilinan tulad ng Cignal?

“Walanghiya, yung SOA (statement of account, o listahan ng mga bayarin) ko, for the month of September 1 to 30. Tapos ang due date, September 25. Bakit kailangang 25th ang due date kung hanggang 30 ang period na sinisingil? Papaano kung namatay kayo lahat diyan ng 26 at wala kayong maibigay na serbisyo from the 26th to the 30th eh nasa inyo na pera ko? Kanino ako magrerefund?”

Eto naman ang sagot ng anak ni Leny na si Julian Mauricio:” You think that's bad, Dad, try Globe. Ang Globe, magpapadala na ng bill, magtetext pa at tatawag pa para mag-follow up sa bayad mo. Pero kapag ikaw na may kailangan sa kanila tulad ng tech support, ang kukupad nilang lahat. Hehe. Kaya lumipat na ako ng ISP. Di hamak naman na mas OK ang SKY Broadband…”

-ooo-

**MGA PATOTOO NI JESUS NA SIYA ANG DIYOS AMA, ANAK, AT ESPIRITU SANTO (XIII):** Yung bautismo ni Jesus sa kamay ni Juan Bautista sa Ilog Jordan ay kakikitaan ng matinding pagpapatotoo na Siya, si Jesus, ang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Marapat pong basahin natin ang kuwentong ito sa Mateo 3:13-17, Marcos 1:9-13, at Juan 1:29-34, sa Bagong Tipan ng Bibliya.

Sa totoo lang, kung ating pag-aaralan ang buong kasaysayan ng mundo, makikita nating walang ibang tao na ganito ang nakitang mga pangyayari sa araw na siya ay nabautismuhan o, sa salita ng ibang mga mananampalataya, nabinyagan. Tanging sa bautismo lamang ni Jesus nagkasabay-sabay na nadinig at nakita ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Iisa lamang ang ibig sabihin nito: hindi tao si Jesus, at may katayuan Siyang kaisa, o di kaya ay kapantay, ng Ama at Espiritu Santo.

Pinagtitibay ng bautismong ito ni Jesus ang Kanyang mga pahayag na Siya at ang Ama ay iisa (Juan 10:30), na bago pa man isinilang si Abraham ay Siya na ang “Ako Nga” (ang Diyos at Tagapagligtas nina Abraham, Isaac, at Jacob, sa Juan 8: 24, 28, at 48-56, at Exodo 3:14, Bibliya). Sa bautismo ni Jesus, ipinakita doon ang Kanyang kapangyarihan na ipakita ang Kanyang magkakahiwalay na kaanyuan—Ama, Anak, at Espiritu Santo—bagamat tunay naman iisa lamang Siya.

-ooo-

**WALANG LIABILITY ANG MGA NAGTANGGOL LAMANG SA KARANGALAN:** Tanong ni Jocelyn Manawis na ipinadala sa aking Facebook account, www.facebook.com/attybatas: “Gd pm. po ser Ask. Kulang po ser. Melanio Lazo Mauricio jr. Ganyan din po nangyare sa akin. Pero ako pa po pinagbibintangan. Na ako daw po ang naninirang-puri. Pero ang kapitbahay po namen na yun, Sya po una nag bitaw nang salita na masasakit sa akin na ako daw po palibasa walang anak, Hindi ko daw po Alam ang pagiging ina. At sabi din po nya Sakin kaya Hindi daw po ako mag kaanak hinusgahan po nya ang. Pagkatao. Ko kaya po naka pag bitaw din po ako nang salita….”

Sagot mula sa **LAWYERS IN THE LIGHT** (Lawyers Instructed on Godliness, Humility, and Truth): Sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal ng Pilipinas, maliwanag po na ang mga taong nakakagawa ng krimen dahil ipinagtanggol lamang nila ang kanilang sarili, karapatan, ari-arian at karangalan, ay hindi magkakaroon ng pananagutan sa krimen na kanilang ginawa. Ganito po ang katayuan sa kaso ni Jocelyn Manawis—dahil nagtanggol lamang siya sa mga naunang paninira sa kanya, wala siyang pananagutan.

Kaya lamang po, kailangan pong maging maliwanag na nagtanggol lamang ang isang nakagawa ng krimen mula sa mga naunang batikos o mga pagkilos laban sa kaniya. Dahil diyan, kakailanganin pa din niya na maglabas ng mga testigo na nakasaksi sa mga pangyayari, o, kung may nakasulat mang katibayan ng mga kaganapan, dapat niyang maidulog ang lahat ng ito sa hukuman kung tinuluyan siyang sampahan ng kaso.

-ooo-

**MAKINIG, MANOOD:** Ngayon, ang “Ang Tanging Daan”, isang Bible study at prayer session sa Internet, ay mapapakinggan at mapapanood na ng 24 ORAS, sa Pilipinas at sa buong mundo, sa Facebook, sa **www.facebook.com/angtangingdaan**. Telepono: 0933 825 1308, 0917 984 2468, 0977 805 9058. Email: batasmauricio@yahoo.com.



# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN

## Pantay-pantay

**MAYROONG** panawagan si Makati Rep. Luis Campos, Jr. sa Kongreso.

Apela ng kongresista ay itaas sa P2,000 ang monthly allowance ng mga mahihirap na senior citizens.

Ang kasalukuyang buwanang allowance na natatanggap ng mga senior citizen ay P500 lamang.

Anong taon na po ba tayo, medyo malapit-lapit na ring matapos ang 2018.

2010 nang ito ay ipatupad, walong taon na ang nagdaraan at hanggang ngayon ay hindi pa nagagawang dagdagan.

Halos wala ng halaga o value ang limang daang piso dahil sa sobrang taas ng presyo ng mga bilihin.

Masyado ng kakarampot o maliit ang P500 kaya siguro ay napapanahon na upang dagdagan nga nga ito.

Suriin na lamang po ninyo ang binitiwang pahayag ng nasabing mambabatas.

Ang sabi kasi ni Cong. Campos, kung sa tingin ay masyadong mahihirapang ipagkaloob ang P2,000 allowance ay unahin na lamang daw ang mga dapat unahin.

Ibig sabihin, ang iminumungkahing dagdag allowance ay unahing ibigay sa mga may edad 70 pataas.

Ano po sa inyong palagay, puwede o tama ba ang suhestiyong ito?

Doon sa mga mapapaborahan natural na aprubado sa kanila ang naturang mungkahi.

Paano iyong hindi mabebenepisyuhan, unang papasok sa kanilang isipan na bakit tila may diskriminasyon.

Tinatawag silang senior citizen kaya dapat kung ano ang benepisyo ng isa ay ganoon din pangkalahatan.

Pantay-pantay kumbaga dahil baka pagsimulan pa ito ng isang hindi magandang eksena.

Kadalasan kasi kapag nangyayari ang hindi pantaypantay na trato ay nagiging mitsa ng pagkakawatak-watak.

Anak ng saluyot, totoo iyan hindi lamang sa usaping ito kundi sa iba pang bagay o pagkakataon.

# EDITORYAL

## Mapagsamantalang negosyante

**MAGANDA kung sa maganda ang balitang ipinahayag ni Department of Agriculture Secretary Emmanuel Piñol na matutugunan na ang problema ng kakulangan ng supply ng bigas sa bansa.**

**Ito ay dahil sa sinasabing aprubado na ng National Food Authority ang karagdagang importasyon ng 750,000 metric tons para sa natitirang buwan ng 2018.**

**Ang pahayag pa ay mayroong 1-million metric ton na nakareserba para sa susunod na taon.**

**Ano mang raw ay darating na sa bansa ang karagdagang importasyon ng bigas.**

**Maaaring ang magandang balita ay humantong sa bad news bunga ng sindikato.**

**Alam naman natin na may ilang mapagsamantalang negosyante na nagtatago ng supply ng bigas.**

**Iyan ang dapat tutukan.**


ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** *Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES** *Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA** *Advertising Manager*

**MARLON BAGUS** *Associate Editor*

**ATTY. MELANIO ‘BATAS” MAURICIO** *Legal Counsel*

Ang ‘HANEP Basahin mo Ito’ ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

## DAAN-DAANG RESIDENTE, INAATAKE NG TB

**MALAPIT ng tawaging Bayan ng Tuberculosis ang isang bayan sa Masbate na umaabot na sa 500 na residente ang nagkakasakit dahil sa walang pakundangang pagmimina kung saan pati tubig at lupa ay nalalason na rin.**

Ito ang ibinunyag ni Ms. Malou Verona, ang tagapagsalita ng Ang Aroroy Ay Alagaan (4As), sa lingguhang Kapihan sa Beam Belt Tinapayan Festival sa Sampaloc, Maynila kung saan umaabot na sa 500 residente sa nabanggit na bayan ang nagtataglay na ng sakit na tuberculosis dahil sa nakalaasong usok o fumes na dala ng minahan ng ginto ng Filminera na pag-aari ng Masbate Gold Project ang Philippine Gold Processing ang Refining Corporation na pag-aari umano ng isang Filipino.

Wala na rin aniya silang magamit na malinis na tubig dahil puno na ito ng toxic chemicals gaya ng cyanide at iba pang ginagamit sa pagsala ng ginto, at hindi na nila maaaring inumin at gamitin sa pagluluto ang tubig.

Mineral water na rin ang ipinaliligo sa mga sanggol at mga bata dahil nagdudulot na ito ng pangangati sa kanilang mga balat.

Sinabi ni Verona, ipinarating na nila kay Environment Secretary Roy Cimatu ang kanilang problema upang mapatigil na ang minahan ng Filminera dahil sa panganib na dinudulot sa mga mamamayan ngunit hanggang ngayon ay walang malinaw na tugon ang kalihim

Inilapit na rin nila sa Department of Health ang usapin sa kalusugan ng mga taga-Aroroy, subalit wala silang nakuhang sagot mula kay Health Secretary Francisco Duque III.

**GENE ADSUARA**




## MALAPIT SA KATOTOHANAN GUSTONG PALITAN SI PANGULONG DUTERTE

Hindi na bago itong balita na marami ang aspirant at hindi kontento sa pamamalakad ng Pangulo natin lalo na ang mga bumabatikos kay Pangulong Duterte. Halata naman at hindi mapagkaila o mapasinungalingan ito lalo ang magiting at ambisyosong Senador Antonio Trillanes na kung saan binawian ng amnesteya ni Pangulong Duterte kung kayat minabuti nitong magtago na lamang sa House of the Senate na umiwas sa pagkaaresto sakaling lumabas ito ng Senado at magpatuloy ng patutsada sa Gobyerno ni Pangulong Duterte at di mapigilan sa paghahamon at pagbabanta.

Sadyang nagkakapersonalan na ang labang ito sa tingin ng mamamayan at di na mapigilan ang away na ito at marami na ang nadadamay dagdagan pa ng mga pasaway at mga kretiko ng Administrasyon kayat lalong nagiging malabong magkaintindihan ang magkabilang panig at di na yata magkasundo magpakailan paman. Halos hindi rin magkadarapa ang media sa pag subaybay sa isyong it okay Sen. Trillanes sa matapang nitong mga akusasyon lalot sa pagbaba ng warrant of ARREST at Hold Departure Order sa kanya ng Makati RTC.

Lalong gumugulo ang away sa kadadakdak ng mga magkakampi kung alin ang tama sa magkaka away sa pulika at kung sino ang papanigan ang Gobyerno ba o si Trillanes pati taong bayan nalilito at halos nag aaway narin sa mga patutsadan kung sino ang tama at mali. Hinay hinay sana at alalahanin nila nab aka magkagulo lahat tayo ay apektado at walang makakapigil dito sa gulong ito na lalo lamang pagtatawan tayo ng ibang bansa kapag nagkatotoo an gating hinala dahil gusto mapalitan si Pangulong Duterte ng mga ambisyosong pulitiko na gusting makaupo sa trono ng malacanang.

Napabalita pa ang pinangangambahan nabukong RED OCTOBER na maglulunsad ng kagulohan sa Gobyerno ni Pangulong Duterte na ayon sa mga kretiko ay gawa gawa lamang ito ng ADMINISTARASYON upang takutin ang taong bayan na atin naming pinaniwaal na marami talaga ang gusting manggugulo sa gobyerno aminin nila o hindi nabuko lamang ito at di rin maipagkaila ang mga pahayag ng pinuno at founder ng cpp npa na si Joma Sison na lantaran din ang mga pahayag na gustong maalis sa pagkapangulo ng bansa si P-RRD sa malakanyang.

Maghintay tayo sa mga kaganapan at marami pa ang mangyayari dito sa ating bansa ang sa atin sana wag ng dagdagan pa ang pagpapahirap sa buhay ng mga kababayan natin isipin din sana ang mga nangyayari sa kapaligiran lalona ang paghihirap ng mga nakakarami at mga biktima ng bagyong Surer Bagyong OMPONG may mga namamatay na hindi nila kagustuhan at mga nagtatasang bilihin na hindi rin matustusan sana alalahanin din ng mga nahalal ng taong bayan na mga pulitiko at mga mayayaman ang pangangailangan ng mga naghihirap nating kababayan

Sa ating mga tagasubaybay ng dyariong hanep at ng programa natin sa dzrj 810 khz makinig sa oras ng 6 ng gabi hanggang alas 7 pm lunes hanggang byernes at magparticipate sa isyu na ating tinatalakay. Pls dial 8954460/8978374 o kayay mag send ng inyong mga mensaha sa cp no. 09154796581at akin at aming babasahin sa ere. Or email add. Jojodemetilla @yahoo.com. or watch youtube rj am Makati: fb; dzrj 810 am and sreamline www.ustreamtv/channel/dzrj 810am. Salamat po..






Nagpakuha ng larawan ang mga panauhin sa Balitaan sa Maynila na sina Ms. Malou Verona (ikalawa mula kaliwa) spokeperson of "Ang Aroroy ay Alagaan", Usec. Epimaco Densing ng DILG, Mr. Gerry Arances, Exec. Director of Center for Ecology, Energy & Dev't (CEE) and member of the Coordinating Committee of Phil. Movement for Climate Justice (PMCJ) at Mr. Martin Aguda, an expert on disaster preparedness and crisis management. Na pag-usapan dito ang tungkol sa naging impact ng typhoon Ompong, disaster preparedness & response at ibang mga issues. Makikita ang dalawang host ng programa na sina Mr.Angelo Almonta (kaliwa) at Mr. Dave Veridiano. **(FREDDIE M. MANALAC)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC, CAVITE**

**IN THE MATTER OF JOINT LEGAL ADOPTION OF MINOR MARY GRACE VENIZ COMAS,**

**SP.PROC. NO. NC-2018-27**

**SPS. APOLINAR HIERCO, JR. AND AMILYN H. HIERCO**
Petitioner.
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

**O R D E R**

A petition has been filed by Sps. Apolinar Hierco, Jr. and Amilyn H. Hierco, praying for the adoption of minor Mary Grace Veniz Comas on the grounds therein alleged.

Notice is hereby given that the petition has been set for hearing on October 24, 2018 at 8:30 in the morning in this court, on which date, hour and place, interested parties may appear and show cause why the petition should not be granted.

Let copy of this Order and the petition be furnished the Office of the Solicitor General and the Department of Social Welfare and Development. The latter is hereby directed to conduct a case of the petitioners and the minor to be adopted, and submit a report to this court as soon as possible.

Let this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite and in the Philippines.

**SO ORDERED.**

Naic, Cavite, July 25, 2018

**LERIO C. CASTIGADOR**
Judge

**HANEP** September 24, October 1 and 8, 2018

# DOLE BRINGS THE "BEST" TO CAVITE PESO

**IN its aim to formally equip the Public Employment Service Office (PESO) managers with proper training for basic employment delivery , the Department of Labor and Employment- Regional Office IV-A (DOLE IV-A) in partnership with Cavite PESO Managers' Association (CPMA), Inc., spearheaded by Dr. Eva R. Defiesta, successfully conducted a 3-day Basic Employment Service Training (BEST) for PESO managers in Cavite on September 19-21, 2018 at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol in Trece Martires City.**

The training started with a profound discussion of the programs implemented by PESO and DOLE which comprised of Understanding DO 113 Series of 2011, Trabaho, Negosyo, Kabuhayan (TNK Caravan), Special Program for Employment of Students (SPES), Government Internship Program (GIP), DOLE Integrated Livelihood and Emergency Employment Program (DILEEP), Anti-Child Labor Law, Reintegration Service for OFW and Philippine Jobstart Program communicated by Regional Employment Focal Person, Ms. Naomi N. Hernandez .

The next day, Ms. Marie Iris A. Prieto, Labor Market Information (LMI) Focal Person tackled about the concepts and uses of LMI which helps the customers specifically the job seekers to formulate their choices and decisions on the preferred jobs and recognize the history of the organizations. Likewise, Mr. Jorge Manuel C. Laude, Career Guidance and Employment Coaching (CGEC) Focal Person conveyed the topic on CGEC which guides and informs the students and jobseekers in making their career choices.

The third day of the training which was facilitated by Mr. Dominador C. Aquino from the Bureau of Local Employment gave a short orientation on the criteria in searching for Best PESO. The participants also had a Hands-on Training on PESO Employment Information System (PEIS) led by Ms. Naomi Hernandez which covers the profiles of individuals and employers. It also shows the qualifications and skills of the applicants and incorporates the job vacancies of registered employers. She also delivered the closing remarks and expressed her gratitude to everyone who have been part of the training.



HELMET

ni FREDDIE MANALAC

## JOCKEY CHRISTOPHER GARGANTA MATIYAGANG HINETE

**BAGO** pa lang naghihinete o apprentice jockey ay nakitaan na si Christopher "Tope" Garganta ng husay sa ibabaw ng kabayo. May dalawang taon din siya sa Philippine Jockey Academy nag-aral. Si Ginoong Raymond Puyat , isang Businessman at horse owner ang nag-isponsor sa kanya upang makapasok sa academy.

Noong una ay nanonood lang siya sa mga nag-eensayong hinete sa loob ng karerahang Santa Ana Park. Isang kaibigan na nakilala niya ang nag-alok sa kanya kung gusto niyang maghinete. Hindi raw siya nagdalawang isip at sumama siya rito.

Sa kuwadra nina Arthur Buenaflor sya dinala at dito siya naging isang sota o helper ng mga pangarerang kabayo. Dito na rin siya natutong sumakay at mag-ensayo ng mga kabayo

Ngayon ay isa ng professional jockey si "Tope," tawag sa kanya ng kapwa niya hinete. Ang kaunaunahang kabayong ipinanalo niya sa aktuwal na laban ay ang Luck Of Irish na dehado sa Daily Double event.

Nahulog na rin siya sa ibabaw ng kabayo sa aktuwal na laban. Sakay siya ng kabayong Betche By Golly Wow nang biglang may nadapang kabayo sa unahan. Walo silang sabay-sabay nahulog. Nagtamo siya ng bali sa kamay dahil sa aksidenteng iyon. Matagal din siyang nagpahinga bago siya nakabalik sa pananakay.

Sa lahat ng mga hinete, si Jesus "El Maestro" Guce ang kanyang hinahangahan at talagang bilib siya sa pagdadala nito sa ibabaw ng kabayo.

"Mahirap maging isang "Freelancer" na hinete, mas maganda kung may amo ka na may-ari ng mga kabayo. Kung may amo ka lagi kang may sakay sa mga aktuwal na laban." Pangwakas ni jockey Garganta.

**OOO**

Maraming nagtatanong na mananaya sa karera na bakit daw wala silang narinig na napapatawan na parusa na suspendihin ang isang hinete kahit nakikita ito sa TV monitor na garapal ang pagdadala.

Ang mga hinete na nagdadala o nakasakay sa kabayong outstanding favorite ay madalas makikita na ginagawang ito ng paraan para matalo sa sinalihan karera.

Ang banderistang kabayo na outstanding favorite sa betting ay makikita na nabigla itong kulelat sa alisan mula sa starting gate.

Isang paraan ito upang hindi manalo ang kabayo na sakay pa naman ng isang magaling o mahusay na hinete.

Ang mga kabayong hindi maganda ang tinakbo sa huling sinalihin na karera ay bigla itong mananalo na malayo sa mga nakalaban.

Ganito na ba ang karera dito sa ating bansa, walang napapatawan na suspension ang mga hinete na gumagawa na madalas nakatarantaduhan sa ibabaw na kabayo.

Hindi malayo na maraming apisyunado na titigil na sa pagtaya sa karera ng kabayo.

**AKSYON PO ANG KAILANGAN DITO!**

**OOO**

Binabati natin ng Happy Racing ang grupong Wanna Bet OTB at ang mga maniniyot ng Manila Police District Press Corps. Mabuhay Kayong Lahat!

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC CAVITE**

**BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS,**
Applicant/Assignee,

**FNC-2018-1689**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135 As Amended by Act4118 Mortgagors

**-versus-**

**GABRIEL PILLERBA and**
**RURAL BANK OF AGDANGAN,**
**(QUEZON), INC**
Borrower/Mortgagor, and
Mortgagee/ Assignor, respectively.

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by **BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS,** mortgagee, with office address at Bangko Sentral ng Pilipinas Complex, A. Mabini corner P. Ocampo Sts., Malate, Manila against **GABRIEL PILLERBA,** borrower/ mortgagor, with residence address at Barrio Anuling, Mendez, Cavite, and **RURAL BANK OF AGDANGAN (QUEZON), INC**. mortgagee/ assignor, with office addredd at Agdangan, Quezon, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2018 amounts to **ONE MILLION EIGHTY-SEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED EIGHT PESOS and 45/100 (P1,087,508.45),** Philippine Currency, excluding past due interest and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **October 17, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of office of the Ex- Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**DECLARATION OF REAL PROPERTY TAX NO. 14-0010-00126 (new)/ 97-05158 (old)/ 2616-R (old)**

A parcel of residential lot situated at Barrio Anuling, Mendez, Cavite, Municipality of Mendez, Province of cavite, Island of Luzon, bounded by the properties, NORTH by Adriano Perey; SOUTH by Florencio Ruraldo; EAST by Gabriel Pillerba; WEST by the Creek; containing an area of SEVEN HUNDRED FORTY-THREE (743 sq.m.) including all Improvements thereon.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and encumbrances thereon, if any there be.

In case of absence of any participating bidder on the above-schedule date, said auction shall will be reset and finally held on October 31, 2018 at the same place and time above mentioned

Naic, Cavite, **August 22, 2018**

**MA. CAROLINA M. POTENTE**
OIC-Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS**
Bangko Sentral ng Pilipinas Complex
A.Mabini corner P. Ocampo Sts.
Malate, Manila

**GABRIEL PILLERBA**
Barrio Anuling, Mendez, Cavite

**PUBLICATION: HANEP** September 24, October 1 and 8, 2018

# Efren "Bata" Reyes pinangunahan ang Philippine Team sa Taiwan Pool Classic

**KAGAYA ng inaasahan si Efren "Bata" Reyes, ang kinikilalang isa sa pinakamagaling na tumbukero ay pinangunahan ang Team Philippines sa 13-10 victory kontra host Chinese-Taipei sa 2018 Pool Classic Competition na tinampukang Taiwan versus Philippines na ginanap sa Taroko Mall sa Taichung City, Taiwan kamakailan.**

Nasa hanay na miyembro ng Team Philippines ay sina World 9-Ball champion Carlo Biado, Johann Chua, Jeffrey Ignacio at Roland Garcia. Si Puyat Sports official Christine "Ish" Caparras ay nasa Taichung City, Taiwan din.

Ang Chinese-Taipei squad ay binubuo naman nina Ko Pin Yi, Ko Ping Chung, Chang Jun Ling, Chen Yu Chung at Yu Huan Chang. Binulsa ng Team Philippines ang 10,000 US Dollar dahil sa kanilang impressive performance habang ang host Chinese-Taipei ay nakatangap naman ng 5,000 US Dollar sa kanilang efforts.

Binati naman ni long Time-billiards patron Aristeo "Putch" Puyat ang Team Philippines sa tagumpay sa 2018 Pool Classic Competition sa Taichung City, Taiwan na nagsasabing muling pinatunayan ng Filipinos ang pagiging"world class" sa larangan ng billiards sports.

"Once again, congratulations Efren (Reyes), Carlo (Biado), Johann (Chua), Jeffrey (Ignacio) and Roland (Garcia). You have made every Filipino proud of your triumph," sabi ni Aristeo "Putch" Puyat , presidente din ng Billiards Sports Confederation of the Philippines (BSCP).

Ilan sa mga kaganapan ay nakaungos si Reyes aky Chang, 6-4,panalo ang tambalan nina Reyes at Ignacio kina Ko Pin Yi at Chang Chen, 6-3.

Binasura din ni Ignacio si Ko Pin Yi, 6-0, ungos si Biado kay Chang Jung Lin, 5-4, bigo naman sina Biado at Garcia kina Ko Pin Yi at Ko Ping Chun, 5-6.

Nasilayan sa torneong ito ang singles at doubles matches sa 8,9 at 10 ball competition.

Si Chua kasam ang rest of the team ay susugod naman sa Beijing, China para sa CBSA Miyun International 9-ball Open Tournament. **(Marlon Bernardino)**

## Asia's First GM Eugene Torre magsasagawa ng 20 boards simul chess sa Gumaca, Quezon

**MAGSASAGAWA** si Asia's First Grandmaster Eugene Torre ng twenty (20) boards simultaneous chess exhibition para hamunin ang mga Gumaca chess player's problem solving abilities, critical at strategic thinking na may temang "Welcome Back, 1975-2018"sa Oktubre 27, 2018 na gaganapin sa Development Training Center tapat ng Gumaca Convention Center sa Gumaca, Quezon.

"We do this to promote chess in the grassroots level," sabi ni tournament organizer Janglie V. Lita ng Gumaca Chess Club. "We also believe that by encouraging the youth to actively participate in sports like chess will keep them away from drugs." ani Lita.

Naalala ni G. Lita huling nasilayan si Torre ng nagsagawa ng simultaneous chess exhibition sa Gumaca, Quezon noong 1975 kaya ang naging tema ng event ay "Welcome Back, 1975 to 2018". Ang torneong ito ay sinuportahan ng LGU Gumaca mula sa initiative nina Mayor Erwin P. Caralian, Vice Mayor Elchor P. Caralian at ng Sangguniang Bayan ng Gumaca. **(Marlon Bernardino)**

## Marlon Manalo binati si Filipino at United States chess master Bernardino

Binati ni International Billiards at Snooker Champion Marlon "Marvelous" Manalo (kaliwa), ang Mandaluyong City Liga ng mga Barangay president at chairman ng Barangay Malamig ay binati si Filipino at United states chess master Almario Marlon Bernardino Jr. (kanan) matapos magkampeon sa Singapore Open Blitz Chess Championships na tinampukang Pub Chess Week 36 na ginanap sa The Black Sheep sa Jalan Besar sa Singapore

Ang 41-years-old Bernardino na ang kampanya sa Singapore ay suportado ni Manalo ay nakakolekta ng eight points mula seven wins at two draws para maghari sa single-round robin, blitz chess tournament sa one day event na inorganisa ng Pubxchess sa pangunguna ni Carleton Lim tungo sa coveted title.

Ang 2005 Virginia, USA Rapid Open champion Bernardino ay isa sa top players ng multi-titled State Colleges and Universities Athletic Association-National Capital Region (SCUAA-NCR) champion Barangay Malamig Rizal Technological University Chess Team noong kalagitnaan ng dekada 90's ay nag courtesy call kay Manalo nitong Miyerkoles sa Barangay Malamig office.

Si Bernardino ay cochampion din sa Moon Cake Rapid Open Chess Championships nitong Setyembre 9, 2018 na ginanap sa Bukit Timah Shopping Centre sa Singapore. Dinomina ni International Master elect Edgar Reggie Olay ang Open competition matapos ungusan si Bernardino sa tie break points.



**NAGPALITAN** ng sulidong pag suntok ang magkatunggali sa boxing 52kg boys jr. kung saan nagwagi si (red) Flint Jara ng Bago City kaugnay ito ng katatapos na 11th Philippine Sports Commission Batang Pinoy National Championships 2018 @ athletics bowl Baguio City. **(RGN)**



**ISANG** malugod na pag congratulate kay (kanan) Filipino at United States chess master Bernardino ni International Billiards at Snooker Champion Marlon "Marvelous" Manalo (kaliwa), ang Mandaluyong City Liga ng mga Barangay president at chairman ng Barangay Malamig. Makaraang magkampeon sa nakaraang sa Singapore Open Blitz Chess Championships si Bernardino.

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com


# BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

## DAILY DOUBLE, BALIK NORMAL

Marami ang natuwa at tila nagbalik ang sigla ng bayang karerista matapos malaman na balik normal na ang larong Daily Double (DD). Dahil diyan ay paniguradong lalaki na ang bentahan, dibidendo at maging mga papremyo sa mga may-ari, trainer, hinete, sota at ensayador. Ngunit sa kabila ng lahat ng iyan ay may mga hindi pa rin nasiyahan kahit pa nagbalik na ang larong DD dahil ang mas higit na kahilingan nila ay maalis nang tuluyan ang mga biyahero o nagpapatalong hinete, lalo na iyong nangingibabaw na apat na class-A riders na mahilig magtago o iantala ang kanilang mga sakay upang hindi na manalo. Dagdag pa ng iba nating karerista na sa pagbabalik ng larong DD ay dapat na higpitan nilang bantayan ang apat na class-A riders na iyan lalong-lalo na iyong tinaguriang Batman at Robin, pero ang mas pinagkakadiinan nila diyan ay iyong si Batman ang pinakagarapal sa dalawa. Ang dalawa pang dapat higpitan ay iyong si manugang at ang bihira nang makita sa programa mga ilang araw na ang nakalilipas na binansagan nilang isang uri ng eroplano. Sa totoo lang ay walang ibang dapat na maghipit diyan kundi ang mga management ng tatlong karerahan sa kasalukuyan dahil sa kanilang pag-aari kumikita ang hinete at pamilya nila, pero higit na dapat higpitan ay iyong mga Board Of Stewards (BOS) nila na pinalalagpas ang nakikitang katarantaduhang ginagawa ni hinete sa kanilang pananakay. Management ang talagang mga dapat maghigpit at dapat isa-isahin nila ang mga empleyado kung talaga bang nagagampanan ang bawat tungkulin, dahil kayo ang nagpapasahod sa mga iyan. Ikutan at pulungin ninyo kahit na kada linggo o matapos na maganap ang dalawang araw na pakarera sa inyong karerahan. Sa oras na may masilip, makita o mapatunayan kayong mga katarantaduhan sa inyong mga empleyado ay sibakin nyo kaagad, at huwag hayaan na babuyin ang inyong pag-aari na karerahan.



**PINALPAL** ng dalawang kamay ni NLEX forward Pedrito Galanza upang pigilan ang pag buslo ng katunggaling si Mac Belo ng Blackwater habang nasa mainit na tagpo sa kanilang laro ng 2018 PBA Governors Cup sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**


₱7,900.00*
Disability Benefit ko buwan-buwan.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM


₱17,944.00*
ang buwanang Retirement Benefit ko.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM


E-POWER MO
E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE
We have the Energy Ability.
Tamang pag-iingat, pag-aalaga, at diskarte.
May abilidad tayong mapanatiling sapat para sa ating mga pangangailangan ang Enerhiya ng Ating Bayan.
#EPowerMo
doe.gov.ph
Department of Energy

## HANEP SHOWBIZ

# ANGELICA PANGANIBAN, PROPESYUNAL KAYA PRANGKA AT MATARAY

**ANG impresyon kay Angelica Panganiban ay bukod sa mataray ay prangka.**

Iyan naman talaga ang alam ng nakakarami bilang karakter o katauhan ng aktres.

Natural lang naman na bilang isang mataray ay kabuntot nito ang pagiging isang prangka.

Puwede ba naman na ikaw ay sabihing mataray pagkatapos ay ang pagiging prangka ay hindi mo naman tinataglay.

Mataray ka, ibig sabihin ay prangka ka. Mayroon ba namang mataray pero hindi naman prangak?

Tama ba?

Pero ang hindi alam ng iba kaya tinataglay ni Angelica ang pagiging mataray at prangka ay dahil may isa siyang magandang karakter.

In other words nasa tamang lugar ang kanyang taglay na mataray at prangka.

How?

Simple lang naman, si Angelica ay isang propesyunal na tao o artista.

Kahit kasamahan sa industriya ay hindi nangingimi si Angelica na ito ay pagsabihan basta alam niyang siya ay nasa katwiran.

Ang hangad lamang ng aktres ay ipabatid ang kamaliang nagagawa ng kanyang kasamahan.

Oks 'yan Angelica, nice!

Eh kumusta naman kaya ang lovelife ni Angelica?

Ano na kaya ang latest doon sa sinasabing non-showbiz na nakaka-date ng aktres?

Kaloka ah!

Kasi napabalita rin ang teorya na nakipagbalikan na si Angelica sa kanyang ex-bf na si Carlo Aquino.

Umugong na namataan ang aktor kasama pa ang magulang nito sa mismong bahay ng aktres.

Ibig bang sabihin dahil kasama ni Carlo ang kanyang parents ay namamanhikan sila kay Angelica?

Maagap naman ang naging katugunan ni Carlo sa naturang isyu.

Walang pamamanhikang naganap noong mga araw na iyon.

Banggit lang ng aktor na masaya ang kanyang parents sa muling pagiging malapit sa isa't isa nila ni Angelica.

Hindi porke close na uli ay nagkabalikan na, paglilinaw ni Carlo.

Pero heto ang nakakakilig na pahayag pa ng aktor, hindi naman siya nagsasalita nang tapos.

Meaning kung magkakaroon ng pagkakataon ay maaari silang magkabalikan dahil mahirap nga namang kalaban ang damdamin o puso.

Say n'yo?



###

**BATIIN** lang natin ang half-sister ni KC Concepcion na si Cloei Syquia Skarne.

Ito ay ang pagkakatanghal kay Cloei bilang first runner-up ng Miss Universe Sweden.

Si Emma Strandbergh, na naging 2016 Miss World, ang nakasungkit ng korona ng nasabing pageant.

Anak nina Gabby Concepcion at Jenny Syquia si Cloie, na naging pambato natin sa Miss Earth Sweden at nagtapos siya sa top 8.

Congrats.



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 84 labas)

**NABIGLA** si Inday nang sabihin sa kanya ni Kardo ang planong pagtakbo bilang konsehal.

"Naniniwala ako sa kakayahan mo, kung 'di ba eh ako pa nga ang nagtulak sa 'yo para tumakbong kapitan ng barangay."

"Kaya nga lamang ay ibang usapan na 'yang binabalak mo, magastos 'yan."

Hindi naman nakipagtalo pa si Kardo sa kanyang misis kaya inakala ni Inday sa paglipas ng mga araw ay kinalimutan na ng mister niya ang plano.

Pero hindi nagpapigil si Kardo dahil naghain din siya ng kandidatura.

May partido namang kumuha kay Kardo dahil nalamang maganda ang kanyang record bilang barangay chairman.

"Masaya ako para sa 'yo at napakalaki ng tiwala kong makakalusot ka."

Minsang nakasingit na makapunta kina Lyka ay ibinalita ni Kardo ang ginawa niyang paghahain ng certificate of candidacy.

Tuwa naman si Lyka dahil nakasalalay sakaling mananalo si Kardo sa pagpapahiram ng oras para sa kanya at sa kanilang anak.

Sumapit na ang campaign period at kanya-kanyang pasiklaban na ang mga magkakalabang kandidato.

"Basta tandaan mo, magsasalita ka lamang sa kung ano ang iyong mga binabalak."

"Babanggitin mo lamang ang iyong mga programa o ang iyong plataporma."

"Iwasan mo at kung maaari ay 'wag kang magsasalita ng laban sa mga makakatunggali mo."

Walang nagawa si Inday at hindi napigilan ang asawa kaya ipinapakita na lamang niya ang suporta at tiwala kay Kardo.

"Salamat sa lahat ng paalala mo, 'wag kang mag-aalala dahil palagi lamang akong cool."

Bawat aalis si Kardo ay hindi nagkukulang ng paalala sa kanya si Inday lalo at mangangampanya sila ng partido.

"Naku! Ayoko…ayoko talaga."

**(Itutuloy)**

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-83 labas)

**NAKATAPOS** na sa pagkain at nakaubos na ng dalawang stick ng sigarilyo nang kausapin ni Dagul si Caloy.

"Opo! Oo naman 'atorni, gustung-gusto ko po talagang makalabas dito."

"Kaya lamang eh 'panu po 'atorni?"

Nababakas ni Dagul sa mukha ni Caloy ang masidhing kagustuhan na makalabas ng kulungan.

"Mailalakad ko ang bail mo kaya nga lamang ang malaking problema ay kung saan ka kukuha ng pera na pambabayad sa piyansa?"

Ang kasiyahan ni Caloy ay bigla-biglang napalitan ng matinding kalungkutan.

Doon naman muling kumuha ng pagkakataon si Dagul upang magsalita at mag-urirat.

"Ang iyong tiyahin na lamang sana ang pag-asa mo para makapagbigay ng pampiyansa mo."

"Napuntahan ko ang itinuro mong bahay ng 'yung tiyahin kaya lang wala s'ya roon."

"Mayroon akong mga nakuhang impormasyon o mga bali-balita sa paligid doon."

Mula sa pagkakayuko ay nag-angat ng mukha si Caloy at nagtanong.

"Ano po ang balita kay Tiyang Tita?"

Pinag-aaralan ni Dagul ang ekspresyon ng mukha ni Caloy dahil hindi pa naman siya sigurado.

Hindi pa nakakatiyak si Dagul kung may kinalaman nga ba si Caloy sa misteryosong pagkakawala ni Aling Tita.

"Ang tiyahin mo ay nawawala, dinukot daw at pinagnakawan."

"May ilan akong nakausap na nakita raw nila kung sino ang salarin."

Sa mukha ni Caloy ay kitang-kita ni Dagul ang pagbabago, animo'y sitsaron na isinawsaw sa suka.

Lumalaki na ang paniwala ni Dagul na sangkot si Caloy sa krimen pero hindi sapat na batayan.

"Malamang 'atorni 'yung tatlong magkakapatid ang salarin."

**(Sundan)**

# SSS BACOOR BRANCH ONE OF FIRST 20 BRANCHES TO OFFER PENSION LOAN PROGRAM

**Bacoor City, Cavite (PIA) – In celebration of the 61st founding anniversary of the Social Security System (SSS), a loan assistance program for retiree pensioners was launched.**

The Pension Loan Program (PLP) is a program aimed to help senior citizens with their short-term financial needs to avoid falling prey to lending companies with exorbitant interest rates and steep payment terms.

SSS President and Chief Executive Officer Emmanuel F. Dooc said, ", the launching of this program is our way of extending our assistance to our dear pensioners. SSS would not be able to reach 61 strong years if not for the contributions of our pensioners during the time that they were still strong and working."

Dooc further explained that, "All 171 branches of SSS will accept PLP applications as soon as our system is ready for the full-scale implementation. Our pensioners need not worry if PLP is not yet available in SSS branches nearest them because they may apply in the first 20 branches."

The said branches that will accept PLP applications are: Diliman, Kalookan, Pasig-Pioneer (Shaw), New Panaderos (Mandaluyong), Manila, Makati-Gil Puyat, Alabang, Naga, Dagupan, Baguio, Ilagan, Bacoor City in Cavite, Biñan, Cebu, Tacloban, Iloilo Central, Cagayan De Oro, Davao, General Santos, and Zamboanga.

Qualified borrowers for PLP are retiree pensioners who are 80 years old and below at the end of the month of loan term, have no outstanding loan balance and benefit overpayment payable to SSS, have no advance pension under the SSS Calamity Package, and have been receiving their regular monthly pensions for at least six months.

SSS has allotted Php10billion as possible loan exposure with minimum loan amount for qualified pensioners is twice the amount equivalent to their basic monthly pension and the additional P1,000 benefit while the maximum loanable amount is six times their basic monthly pension plus the additional P1,000 benefit, not exceeding P32,000.

A 10% interest per annum will be incurred computed on a diminishing principal balance, which shall become part of the monthly amortization with payment terms in three, six, or twelve months depending on the multiple of the loan amount and will be deducted from the monthly pension of the borrower.

Qualified borrowers needs to apply for the PLP personally with his Social Security Card or the Unified Multi-Purpose Identification Card, or any two valid identification cards both with signature and photo. All applications with proper identification requirements will be verified for eligibility based on the information provided by the pensioner.

For more information, pensioners can visit the nearest SSS branch, contact the SSS Call Center hotline at 920-6446 to 55, or send an email to member_relations@sss.gov.ph. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from SSS)***

## USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Wala na sanang madagdag

**NAKAKALUNGKOT** naman ang nangyayari sa Dasmariñas City Custodial Center.

Sa mahigit isang buwang nakakalipas ay patuloy na nadadagdagan ang bilang ng mga presong namamatay.

Sinusulat ko ito ay nasa huling talaan bilang ikasampung presong namatay ang 41-anyos na security guard na si Darwin Balmis, residente ng Bacacay, Albay.

Bigla ang pagkakawala ng malay-tao ng naturang preso kaya kaagad siyang isinugod sa pagamutan.

Pagkalipas ng ilang oras ay tuluyang nalagutan ng hininga ang naturang bilanggo at batay sa pagsusuri ay acute hemorhagic shock ang ikinamatay nito.

Alarm and scandal ang kasong kinasangkutan ni Balmis at siya ay naaresto nitong Setyembre 19.

Wala pang isang linggo o ilangaraw pa lamang na pagkakapiit ay kamatayan na ang kanyang kinahantungan.

Mayroon bang problema ang nasabing piitan? Tayo po ay nagtatanong lamang.

Bago si Balmis ay dalawang preso ang magkasunod na namatay.

Ang presong si Dennis Duque ay nagawa pang maisugod sa ospital nang makaramdam ng hirap sa paghinga at nawalan ng ulirat subalit tuluyan ding binawian ng buhay.

Ang preso namang si Mark Angelo Baduya, 25, ay sinasabing nag-amok sa loob ng kulungan at inumpog ang ulo sa pader.

Nadala sa pagamutan si Baduya gayunman ay namatay din.

Sana naman ay wala ng kasunod pang presong madadagdag sa listahan.

## One Zumba Nation: A Health and Fitness Family Fun Experience



The City of Bacoor once again ushered a fun-filled and spine-tingling Zumba part last September 22, 2018 at the Bacoor Government Center.

Together with Mayor Lani Mercado Revilla, the passion of everyone who came cannot be denied as they danced to the different beats form almost three hours. At least 3,500 zumba enthusiasts from different parts of the country attended and enjoyed the goodies that our sponsors provided.

The One Zumba Nation was choreographed by Mr. Joshua Zamora of Manoeuvers and Ms. Jopay Paguia of Sexbomb. The said event was attended by Mrs. Universe Philippines Finest 2019, Ms. Patricia Javier, Mrs. Universe Philippines Finest 2018, Ms. Beau Villanueva Singson and Mrs. Universe Philippines Asia 2019, Ms. Charo Laude.

The said event was concluded by the city to promote health and wellness of every Bacooreño.

To make the zumba hotter and more thrilling, several awards and raffle prizes were given away.

## Municipality of Naic joins Coastal clean-up program

**Municipality of Naic, Cavite (PIA)** – The province of Cavite has a long coastal shoreline with Naic being part of it that is why the town's local government joined last Saturday (Sept. 22) the clean-up program held in Naic Coastal National High School, Barangay Labac.

This activity is done yearly in observance of the month of September being the National Cleanup Month with the Philippines ranking first among 25 countries that participated in international coastal cleanup activities organized by the Ocean Conservancy organization, the proponent of the International Clean-up (ICC) – the world's largest volunteer effort for our ocean and waterways.

With this year's theme "Tayo ang Solusyon sa Polusyon" the Department of Environment and Natural Resources (DENR) encouraged everyone to participate in the coastal clean-up activities done worldwide.

The program commenced at 6:00 am with the assembly and registration of participants from the students, faculty members and staff of the school and other volunteers from the municipal government of Naic led by Municipal Mayor Hon. Junio C. Dualan, officials of DENR-4A and MENR, barangay officials and other stakeholders.

The participants collected various garbage mostly plastic grocery bags, styrofoams, and rubber, cloth waste and cigarette butts topping the trash list.

The program proper gave way to expressions of gratitude and appreciation to the volunteers from Barangay Captain Rogelio Bilugan, Councilor Pastor Maximo Dagasdas, Naic Mayor Dualan and OIC, Regional Director DENR 4A Atty. Maria Paz G. Luna.

Meanwhile, a short lecture on Proper Solid Waste Management was delivered by Deputy Regional Coordinator MBSCMO-4 Ms. Cynthia N. Rozaldo reiterating the importance of "good practice" on segregation, reuse and recycling to minimize wastes materials.

To entertain and enliven the participants a Basu-Raffle ensued which was facilitated by Ma. Louiella Rose O. Catudio and Psyrus Liam C. Estorque.

The program was formally closed with a warm and gracious message from MENR Officer Ms. Evangelina Pangilinan with a reminder that change starts with us. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite)***


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# PIA, SSS BRING SULIT NA SULIT CAMPAIGN TO LAGUNA

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA) – The Philippine Information Agency Region 4A (PIA 4A), through PIA-Laguna, and the Social Security System (SSS) brought the SSS Sulit na Sulit campaign to the graduating students of Laguna State Polytechnic University (LSPU) San Pablo City (SPC) Campus last September 7.**

Around 450 graduating students and faculty from different colleges of said University participated in the Campus Forum to learn and talk about SSS services.

Assistant Regional Director Carlo Gonzaga stressed that PIA and SSS work hand-in-hand to inform as many Filipinos as possible and help them reap the benefits from becoming an SSS member from employment to retirement.

SSS San Pablo City Acting Branch Head Jose Rizal Tarun encouraged the students to pay attention to understand the significance of this social insurance program for future professionals like them.

"I know you will not give much value to this because you do not need this yet, but I encourage you to listen attentively to the presentation for you will soon begin another chapter in life, and surely you will need SSS if you get hired in a private company," Tarun said.

The Branch Head pointed out that the activity seeks to prepare them for their future undertakings. When they get employed in a private company, they would be equipped with knowledge of their rights and privileges relative to SSS membership.

He also urged everyone to secure their SSS number from the nearest SSS branch immediately even while unemployed as it is subsequently one of the basic requirements for employment.

Accounts Management Section (AMS) Corporate Executive Officer (CEO) Tiffany Lobo tackled the value of SSS membership, the details of application process, and the benefits members may enjoy.

LSPU SPC Campus - Office of Student Affairs Services (OSAS) Chairperson Prof. Alberto Castillo, extended the University's gratitude, on behalf of University President Dr. Nestor De Vera, for being chosen as the first stop of the Sulit na Sulit campaign in the Province of Laguna.

The Chairperson commended the event's substantiveness as it will acquaint their graduating students with the mechanisms of SSS membership earlier on in preparation for their employment and/or business.

The event had been an ideal venue for a proactive dialogue between the students and the SSS officers. Concerns were raised and given due attention, while some were even addressed on the spot.

PIA and SSS inked a partnership to conduct series of information drive activities around the country all year round. **(Joy Gabrido, PIA-Laguna)**

# Nadaganan ng bakal, patay

**PATAY** ang 36-anyos na timekeeper ng isang construction site nang madaganan ng bakal ang katawan nito sa Imus City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Emilio Aguinaldo College Hospital ang biktimang si Nelson Catibug, may-asawa, ng Brgy Pulo, San Antonio, Quezon habang inaresto naman si Carlito Haculan, 36, Obrero ng Lanayan Calaca, Batangas.

Sa report ni PO2 John Carlo Punalan, ng Imus City Police Station, dakong 10:30 ng umaga nang naganap ang insidente sa isang construction site sa Brgy. Anabu I-D, Imus City.

Nagkakarga umano si Haculan ng tinatayang 16mm na mga bakal sa isang truck nang aksidenteng bumagsak at tumama sa biktima na noon ay nagtratrabaho bilang timekeeper sa construction site.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit idineklarang dead on arrival. **GENE ADSUARA**



**SHOWING CARE AND COMPASSION TO CENTENARIANS:** With the eagerness to show compassion and care for the elders, the provincial government of Cavite thru the Provincial Health Office and the Provincial Social Welfare and Development Office visited the centenarians of the City of Gentrias and the municipalities of Naic and Tanza on September 20-21, 2018. The centenarians of the City of Gentrias consist of Gorgonia Barbuco of Sitio Elang in Barangay San Francisco, Gertrudes Colorado Senares of Barangay San Juan and Juana Amoris Tagle of Barangay Tejero with Vicente del Mundo Mojica of Barangay Palangue in the municipality of Naic and Jose Mintu Armintia of Barangay Punta 2 in Tanza have been given medical and dental checkup by the medical team comprised of doctors, dentist, nurse, MedTech and physical therapists who checked the health conditions of the centenarians and provided information for the proper care of the elders. Centenarians were also encouraged to join the Elderly Month Celebration which will be held on October at Trece Martires City with other seniors from different municipalities and cities of the province. —**(PICAD)**



Iba't ibang matataas na kalibre ng baril at granada ang nasamsam ng NBI SPECIAL ACTION UNIT at Philippine ARMY sa Bahay ni KE BE I alyas Lilly ONG, sa bisa ng Seacrh Warrant, sa Bo. Road, Pantay Buhangin, Barangay Dalig, Teresa, Rizal kasama ang limang indibidwal na sina Brandy Solinap y Sadji, Victor dela cruz y Rapcing , BI-Lian Ke, Diosdado Bohol y Caberte at Ke QUIAO LI alyas, Sam JANY. Ang anim ay nahaharap sa kasong RA 10591 Comprehensive Firearms and Ammunition Act habang nagsasagawa pa ng mas malalim na imbestigasyon ang NBI ukol sa kumakalat na alingasngas ukol sa RED OCTOBER. **(Christian Heramis)**




**Ugnayang Kapulisan, Barangay at Siklista (U.K.B.A.S.) 2018**

Following the last year's UKBAS 2017, another UKBAS was set again by the Philippine National Police – Bacoor in cooperation of the City government of Bacoor led by Mayor Lani Mercado Revilla and Vice Mayor Kare Sarino Evaristo to gather some of the cyclist from the country for the support on war on drugs in the city.

With almost 5,000 participants signed up, from amateur and age-group riders to professional bikes. Raffle Prizes like, 7 mountain bikes, tumblers, and other bike gadgets were given away.



Dahil sa init na panahon na nararamdaman ay nakuha ng mga tao sa larawan na magpahinga sa loob ng isang mall sa Manila. Nakadama sila ng MALAMIG mula sa centralize na aircon mula sa loob ng mall. **(FREDDIE M. MANALAC)**

# P6.8-M worth of shabu seized in Cavite; 4 suspects nabbed

**CAMP GEN. VICENTE LIM,** Calamba City — Authorities seized PHP6.8 million worth of suspected "shabu" from four drug suspects who were arrested in a buy-bust operation in Bacoor City, Cavite on Sunday.

PDEA Director General Aaron N. Aquino identified the arrested suspects as Abdulkarim Palti Mustapha alias "Abdul"; Baraguir Zainal Kalikod alias "JP"; Renie Baguinaid Kendayo alias "Ren"; and Abdul Bayan Uday Usop,alias "Bayan."

Joint elements of PDEA Calabarzon, PDEA-Autonomous Region in Muslim Mindanao, and PNP Calabarzon arrested the four along Almaciga St., Phase 2, Central Molino 3, Bacoor City around 4:30 p.m. on Sunday after they agreed to sell shabu to a PDEA undercover agent.

The suspects yielded 18 heat-sealed transparent plastic sachets containing more or less 1 kilogram of suspected shabu and the buy-bust money used in the operation.

The suspects are now temporarily jailed at the PDEA Regional Office (PDEA 4-A) detention cell. ***(PNA)***

# NANDAYA SA PRESYO, VENDOR KALABOSO

**INARESTO ang isang 33-anyos na vendor nang palitan nito ang price tag ng isang produkto saka nito binili sa Tanza, Cavite.**

Hawak ng Tanza police ang suspek na si Jun Alfredo, may-asawa ng Brgy. Calibuyo, Tanza dahil sa reklamo ni Christian Soro, 22, Supervisor ng Puregold, Tanza branch.

Sa report ni PO3 Jemar Oliveros, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-4:00 ng hapon nang pumasok ang suspek sa nasabing supermarket.

Kumuha ang suspek ng isang Magnolia product subalit bago ito nagbayad ay kumuha ng ibang price tag at ipinalit ito sa orihinal na price tag ng naturang produkto.

Pagdating sa counter, hindi tumugma ang price tag kaya inalerto ng cashier ang guwardiya na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek.

Estafa ang isinampang kaso laban sa naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# Milyong halaga ng shabu, naudlot itakbo ng 2 bebot

**NASAMSAM** ang tinatayang mahigit P5 milyong halaga ng shabu na tangkang ipuslit ng dalawang babae sa Bacoor City, Cavite.

Kasong paglabag sa Section 4, Article II ng RA 9165 ang isinampa laban sa naarestong suspek na sina Joy Middle, alias Joy Bldo Mariel, na kaalunan ay nakilalang si Kulie Ann Lozada, 28, dalaga; at Cyril Garcia Cabingan, 28, kapwa residente ng Block 81 Lot 13 Zone 9, Baustista Property, Brgy. Sampaloc 4, Dasmarinas City Cavite.

Nauna rito, nagsagawa ng pinagsamang operasyon ang Philippine Drug Enforcement Unit (PDEA). Philippine National Poie (PNP), National Bureau of Investigation (NBI), Bureau of Custom, Bureau of Immigration (BI) at Bacoor City at Dasmarinas City Police hinggil sa tangkang pagpuslit ng 800 gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng P5,440,000 dakong alas-4:30 ng hapon sa Paliparan Road, Brgy Salawag, Dasmarinas City, Cavite at nagresulta sa pagkakaaresto ng dalawang babae. **GENE ADSUARA**

# Tinanggalan ng supply ng tubig, nanaksak ng pinsan

**DAHIL** lamang sa tubig, naospital ang isang 34-anyos na construction worker makaraang pagsasaksakin ng kanyang pinsan matapos na magtalo nang isara ng una ang linya ng tubo ng tubig ng huli sa Bacoor City, Cavite.

Nakakulong sa Bacoor City Custodial Center ang suspek na si Danilo Manalaysay, 44, vendor matapos na saksakin ang kanyang pinsan na si Oliver Cardenas y Manalaysay, kapwa residente ng 041 F. Miranda Road, Brgy. Sineguelasan, Bacoor City.

Sa report ni SPO2 Ferdinand Cruz, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-11:45 ng gabi nang nagkaroon ng mainitang pagtatalo ang dalawa dahil nagalit ang suspek matapos na nawalan sila ng suplay ng tubig sa kanilang bahay na isinara ng biktima ang linya nito.

Ayon sa biktima, isinara niya ang linya ng tubig sa tubo ng Maynilad dahil umano sa tagas na dahilan ng mataas na singil, bukod pa sa pagbabale-wala ng kanyang pinsan na bayaran ang kanilang utang na bill na aniya ay siya ang nagbabayad.

Dahil dito, nagalit ang suspek at sinaksak ang biktima kung saan naunang isinugod sa Las Pinas General Hospital subalit inilipat ito sa Philippine General Hospital (PGH).

Tumakas naman ang suspek subalit naaresto din ito sa isang follow up operation kung saan naharap sa kasong frustrated murder. **GENE ADSUARA**

# Cases of Children in Conflict with the Law: understanding the circumstances

**Imus City, Cavite (PIA) –** Headlines of crimes committed by minors or adolescents seemed on the rise and people find them really alarming. Lawmakers discuss about the revision of the law with regard the age of discernment and responsibilities of children.

To give light to this matter, a seminar in handling Cases of Children in Conflict with the Law (CICL) was recently initiated by the Provincial Government of Cavite (PGC) thru the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and the Office of the Provincial Prosecutor (OPP)-Cavite held at the IBP Building here.

The activity entitled, “”SOCIAL WORKERS: Front liners of Children in Conflict with the Law (CICL)” aims to clarify the flow in the judiciary with regards CICL and to have a mutual ground to handle such cases.

Guest speakers in the seminar were Judges Raquel Aspiras-Sanchez of the Regional Trial Court (RTC) Branch 3 Family Court, Tagaytay City, Judge Adeliza H. Magno-Gingoyon, RTC Branch 4 Family Court City of Imus and Judge Flordeliz Cabanlit-Fargas, RTC Family Court Trece Martires City.

Judge Aspiras-Sanchez discussed Republic Act 9344 otherwise known as “Juvenile Justice and Welfare Act” as amended by R.A. 10630, dealing with children at risk and children in conflict with the law which educated the participants on who are responsible for crimes committed: those who are exempted and those who are subject to criminal liability.

On the other hand, Judge Magno-Gingoyon tackled the lecture on Jurisprudence on RA 9344 and shared several court decisions about the subject, engaging the audience in an open-forum segment to clarify their queries.

The topic on Discernment, Diversion and Intervention Program was thoroughly explained by Judge Cabanlit-Fargas.

Let us show concern and guide the young ones, because the Youth is said to be the future of our nation. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from PICAD)***



**CREATING A CLEANER ENVIRONMENT THRU KALINGA SA KALIKASAN:** With its advocacy for a cleaner and safer environment, the provincial government led by Governor Boying Remulla introduced another cleanup drive in the municipality of Carmona as part of his campaign for the Kalinga sa Kalikasan on September 25, 2018. Present during the event were Carmona Mayor Dahlia Loyola, 5th District Representative Roy Loyola, Board Member Ivee Jane Reyes and members of the municipal councils. With their broom and other cleaning paraphernalia, the provincial government and other volunteers joined hands for the success of the ecological awareness and social involvement campaign for a trash-free and fresh environment. —**(PICAD)**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



**ROMY SANTOS**
0977-7844136

## Kaway ng tukso

**NALULUNGKOT** ang ating Santo Papa dahil dumarami ang mga kabataan na lumalayo na ang tiwala sa simbahang katolika.

Isa sa mga dahilan ay ang paglaganap ng pang-aabusong sekswal ng mga pari at obispo.

Batay ito sa mismong pananaw o pahayag ni Pope Francis sa kanyang talumpati sa grupo ng mga kabataan na Catholic, Lutheran at Orthodox sa Estonia.

Kaya lumalayo ang loob at tiwala ng mga kabataan ay bunga ng hindi kaagad na pagbibigay ng atensyon ng simbahan mula sa mga ipinaparating o idinudulog na reklamo ng mga biktima.

Bakit nga ba nangyayari ang mga ganitong kaso? Kung sa pilosopihong katugunan ay makakarinig ka ng sagot na dahil ang mga pari ay mga tao lamang din na nakakagawa ng kasalanan o pagkakamali.

Buweltang kasagutan naman ng iba, dapat pinasok nila ang ganoong uri ng bokasyon ay nakahanda ang kanilang sarili sa ano mang tawag ng tukso.

Tama na sila ay mga tao lamang din subalit siguro kung batid nila na mayroong lumalapit na tukso at alam na mahihirapan o hindi ito mapapaglabanan ay tumalikod na lamang sa pagpapari.

Pero sadyang ibang usapan talaga kung habang nasa serbisyo bilang alagad ng simbahan ay isinasagawa ang sekswal na pang-aabuso.

Maaari silang maikumpara sa mga pulitikong ganid at magnanakaw.

Pulitiko, pari, at kahit sino pa man ay tunay na mayroong kaway ng tukso.

Bilang tao ay sinusubok tayo ng iba't ibang klase ng tukso na nagmula o ang may pakana ay demonyo.

Sa dami ng mga pangyayari sa ating kapaligiran ay masasabi nating likas na ang demonyo ay mas naghahari sa katauhan ng nakakaraming tao.

Hindi naman po kaila sa inyo iyan.

Mas mainam siguro ay humarap ka sa salamin at tanungin mo ang iyong sarili kung demonyo ba ang mas kumukubabaw sa iyong puso at isipan.

Kung ang Panginoong Diyos ang higit na naghahari sa ating kalooban ay tiyak na walang nagaganap na kaguluhan.

Ang masaklap kasi ay mayroong akala mo ay santo o banal na ginagamit pa ang Diyos o simbahan subalit napakaitim naman pala ng kalooban.

Kunwari ay palasimba at paladasal pero pakitang-tao lamang.

"Malinis Masarap, Laging Bago"
PING-PING Lechon & Rest. Inc.
Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services
Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622
Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668

Look for:
Bong or William